Mensahe Tatlo

## Mga Espiritwal na Prinsipyo, mga Araling Pambuhay, at mga Banal na Babala na Makikita sa Kasaysayan ni Samuel

Babasahin sa Kasulatan: 1 Sam. 1:10-11, 18-20, 27-28; 2:30, 35-36; 3:1-21; 4:11-22; 7:3-17; 12:23

**I. Si Samuel ay mula sa lipi ni Levi (1 Cron. 6:33-38) subalit hindi nabibilang sa sambahayan ni Aaron, ang pamilya ng mga saserdote na itinalaga ng Diyos; si Samuel ay naglingkod sa Panginoon bilang isang saserdote hindi sa pamamagitan ng kapanganakan kundi sa pamamagitan ng panata ng Nazareo:**

A. Ang pagkilos ng Diyos sa Kanyang tugon sa panalangin ni Hanna ay ang ibunga ang isang mandaraig na Nazareo na lubusang para sa pagsasakatuparan ng kanaisan ng Diyos; bago pa man siya ipinanganak, si Samuel ay inialay na ng kanyang ina upang maging gayong tao—1 Sam. 1:10-11, 18-20.

B. Ninanais ng Diyos na ang Kanyang buong bayan ay maging mga Nazareo; ang maging isang Nazareo ay ang mapabanal, maihiwalay, nang lubusan at sukdulan tungo sa Diyos, yaon ay, ang maging para sa wala nang iba kundi sa Diyos at wala nang iba kundi para sa Kanyang kasiyahan—ang patotoo ni Hesus, na siyang ang nagpapatotoong ekklesia bilang patotoo at kahayagan ni Kristo—Bil. 6:1-2; Awit 73:25-26; Apoc. 1:2, 9-13; 19:10; cf. Exo. 38:21:

1. Para sa isang Nazareo na umiwas sa alak at anumang may kaugnayan sa pinagmumulan nito ay sumasagisag sa pag-iwas mula sa lahat ng uri ng makalupang katamasahan at kaluguran at kinukuha si Kristo bilang kanyang katamasahan at kaluguran; ang pagkain sa puno ng buhay, yaon ay, ang pagtatamasa kay Kristo bilang ating panustos-buhay, ang dapat maging pangunahing bagay sa buhay-ekklesia—Bil. 6:3-4; Apoc. 2:7; Huk. 9:12-13.
2. Para sa isang Nazareo na hindi ahitin ang kanyang ulo ay sumasagisag hindi sa pagtanggi kundi sa pagiging lubusang nagpapasakop sa pagkaulo ng Panginoon at gayundin sa lahat ng kinatawang awtoridad na itinalaga ng Diyos—Bil. 6:5; Roma 13:1-2a; Efe. 5:21, 23; 6:1; Heb. 13:17; 1 Ped. 5:5.
3. Para sa isang Nazareo na hindi marumihan ng kamatayan ng kanyang mga kamag-anak, kundi manatili sa kanyang pagiging naihiwalay upang maging banal tungo sa Diyos, ay sumasagisag na dinaraig ng isang Nazareo ang natural na pagmamahal—Bil. 6:7.
4. Para sa isang Nazareo na hindi lumapit sa isang patay na tao o na hindi marumihan ng dagliang kamatayan ng nasa tabi niya ay sumasagisag na ang isang Nazareo ay hiwalay mula sa kamatayan—bb. 6-9; Apoc. 3:4; Lev. 11:31; 5:2; cf. 1 Juan 5:16.

**II. Noong panahon ni Samuel, ang pagkasaserdote ng bahay ni Aaron ay lubhang bumagsak; ang Diyos, gayunpaman, ay may paunang pagkakita sa sitwasyon; bukod sa Kanyang pagtatalaga sa bahay ni Aaron upang maging mga saserdote, Siya ay gumawa ng isang karagdagan—ang panata ng Nazareo sa Mga Bilang 6—kung sakaling may kakulangan sa mga itinalagang saserdote:**

A. Nang bumagsak ang bahay ni Aaron, ang karagdagang ito ay praktikal na nagamit; si Samuel ay naging isang saserdote sa pamamagitan ng pagiging naialay, naihiwalay, at naipahiram sa Panginoon—1 Sam. 1:11, 27-28.

B. Noong panahon ni Eli, ang Diyos ay dukha kung pag-uusapan ang pagkasaserdote, kaya't ipinahiram ni Hanna si Samuel sa Panginoon; kapag ang sitwasyon ay abnormal, ang Panginoon ay nagiging dukha patungkol sa Kanyang administrasyon, at may pangangailangan para sa isang tao na kusang-loob na ipahiram ang kanyang sarili sa Panginoon.

C. Pagkatapos niyang ibigay si Samuel kay Eli, pinuri ni Hanna ang Diyos para sa Kanyang pagliligtas na isinakatuparan sa pamamagitan ng Kanyang mga kahanga-hangang gawa; ang kanyang panalangin ay may kaugnayan sa pagkilos ng Diyos sa Kanyang ekonomiya at ipinahihiwatig na natanto niya ang isang bagay hinggil sa ekonomiya ng Diyos—2:1-10.

**III. Si Samuel ay lumaki sa ilalim ng pangangalaga ni Eli; sa kanyang pagkabata si Samuel ay naglingkod kay Jehovah sa harap ni Eli (bb. 11b, 18-19), na tinuruan ni Eli ng paraan upang maglingkod sa Diyos:**

A. Tinawag ng Diyos si Samuel nang tatlong beses; "at nalaman ni Eli na tinatawag [ni Jehovah] ang bata. Kaya't sinabi ni Eli kay Samuel, Humayo ka at mahiga ka, at kung tatawagin ka Niya, iyong sasabihin, Magsalita Ka, [Jehovah]; sapagkat nakikinig ang Iyong lingkod…At [si Jehovah] ay dumating at tumayo, at tumawag na gaya nang una, Samuel! Samuel! Nang magkagayo'y sinabi ni Samuel, Magsalita Ka, sapagkat nakikinig ang Iyong lingkod."—3:1-10:

1. Ito ay isang bagay na napakapositibong natutuhan ni Samuel kay Eli; bilang mga lingkod ng Panginoon, kailangan nating panatilihin ang ating pakikipagsalamuha sa Kanya, palaging nakikinig sa Kanya—Luc. 1:34-38; 10:38-42.
2. Ang ating buhay ay nakadepende sa mga salita ng Panginoon, at ang ating gawain ay nakadepende sa Kanyang mga utos (Apoc. 2:7; 1 Sam. 3:9-10; cf. Isa. 50:4-5; Exo. 21:6); ang buhay ng mga mananampalataya ay lubusang nakasalalay sa pagsasalita ng Panginoon (Efe. 5:26-27).
3. Ang pagsasalita ng Panginoon ang nagsasanhi sa atin na tuparin ang gol ng Kanyang walang hanggang ekonomiya na magkaroon ng isang kasintahang babae bilang Kanyang kapareha—Apoc. 2:7; Efe. 5:26-27; A. A. 8:13-14.

B. Habang si Samuel ay natututo, naobserbahan niya ang paglala ng napapababang pagkasaserdote ni Aaron:

1. Nakita niya ang Kaban ng Diyos na kinakamkam ng mga matanda ng bayan at nabihag ng mga Filisteo na ang kaluwalahatian ng Diyos ay lumisan mula sa Israel; natanto niya ang matinding paghahatol ng Diyos sa bahay ni Eli, na kinabilangan ng mga kamatayan ni Eli at ng kanyang dalawang masamang anak na lalaki, sina Hofni at Finehas—1 Sam. 2:12-36; 4:11-22.
2. Ang matinding paghahatol ng Diyos sa bahay ni Eli ay naipropesiya ng isang tao ng Diyos (2:27-36); sa gayon, ang matinding paghahatol na ito ay pinagtibay ng salita ni Jehovah na sinalita sa pamamagitan ni Samuel (3:11-18).
3. Ang layunin ng Diyos sa pagsasabi kay Eli sa pamamagitan ni Samuel ng darating na paghahatol ay marahil upang gumawa ng isang di-makalilimutang impresyon sa batang saserdoteng ito; ito ay karunungan ng Diyos—bb. 17-18.
4. Hindi ito nagpahina kay Samuel sa kanyang darating na Nazareong pagkasaserdote; sa halip, ito ay naging isang palagiang babala sa kanya sa kanyang buong

pansaserdoteng paglilingkod na tumulong sa kanya na manatiling dalisay sa kanyang paglilingkod sa Diyos sa buong buhay niya.

**IV. Si Samuel ay isa na nagbaling ng kapanahunan tungo sa kapanahunan ng kaharian kalakip ang pagkahari; ito ay isang dakilang bagay hindi lamang sa kasaysayan ng Israel bagkus maging sa kasaysayan ng sangkatauhan:**

A. Si Samuel ay hindi nagrebelde laban sa bahay ni Aaron, at hindi niya kinamkam ang anuman sa bahay ni Aaron; habang lumalaki si Samuel, isinaayos ng Diyos ang kapaligiran upang pasakdalin siya at itaguyod ang kanyang kapasidad na gawin ang lahat ng bagay na kinakailangan upang baguhin ng Diyos ang kapanahunan tungo sa kapanahunan ng hari kalakip ang kaharian.

B. Bilang isang saserdote, hinalinhan ni Samuel at, sa isang pakahulugan, tinapos ang lipâs na pagkasaserdote ni Aaron; ginamit ng Diyos si Samuel upang palitan ang kapanahunan hindi sa pamamagitan ng pagrerebelde o pag-aalsa kundi sa pamamagitan ng daan ng dibinong pahayag upang ipasok ang pagkahari.

C. Si Samuel ay isang tao ng pahayag, at ginawa niya ang lahat ng bagay ayon sa kung ano ang nakita niya; "Ipinakilala [ni Jehovah] ang Kanyang sarili kay Samuel…sa pamamagitan ng salita [ni Jehovah]" (b. 21); higit pa rito, si Samuel ay isang tao ayon sa puso ng Diyos—isang kopya, isang duplikasyon, ng puso ng Diyos; bilang gayong tao, hindi siya kailanman gumawa ng anumang mapagrebelde.

**V. Ang buong katauhan at persona ni Samuel, hindi lamang ang kanyang paggawa, pamumuhay, at gawain, ay ayon sa Diyos; ang katauhan ni Samuel at ang puso ng Diyos ay iisa; sa kadahilanang ito masasabi natin na si Samuel, isang tao ayon Diyos, ay ang gumaganap na Diyos sa lupa:**

A. Ang kaisipan ng Diyos ay ang pagsasaalang-alang ni Samuel; siya ay walang ibang kaisipan, pagsasaalang-alang, o pag-iisip; ang kanyang pamumuhay at gawain ay para sa pagsasagawa ng anumang nasa puso ng Diyos.

B. Pinahiran ni Samuel sina Saul at David upang maging mga hari (10:1; 16:1, 13); ito ay ayon sa pagtatalaga ng Diyos na si Samuel ay dapat patuloy na dumulog sa harap ng Kanyang pinahiran (2:35) upang pangasiwaan ang hari, pinagmamasdan kung ano ang ginagawa ng hari.

C. Ito ay nagpapahiwatig na si Samuel, ang gumaganap na Diyos sa lupa, ay mas dakila kaysa sa hari; si Samuel ay kuwalipikado sa gayong sukat sapagkat pinasakdal siya ng Diyos sa loob ng maraming taon nang bukod-tangi para sa Kanyang ekonomiya:

1. Si Samuel ay ginamit ng Diyos upang isagawa ang Kanyang ekonomiya sapagkat siya ay isang taong ayon sa Diyos at sa puso ng Diyos, na walang paghahangad para sa sarili ni anumang kaisipan ng sariling kapakinabangan—cf. Mat. 16:24-26; Luc. 9:23-25.
2. Wala siyang puso para sa anumang bagay maliban sa puso ng Diyos at sa mga hinirang ng Diyos; ang kanyang puso ay isang pag-aaninag ng puso ng Diyos—cf. Fil. 2:19-22; 2 Cor. 3:16-18.
3. Itinuring ni Samuel na ang hindi pananalangin para sa bayan ng Diyos, na siyang Kanyang personal na kayamanan at pag-aari, ay isang kasalanan laban kay Jehovah—1 Sam. 12:23; Exo. 19:5.

D. Bagama't hindi madali para kay Samuel na tumayo para sa Diyos sa kanyang partikular na kapaligiran, siya ay nangalaga para sa interes ng Diyos at ibinaling ang kapanahunan;

ayon sa Lumang Tipan, si Samuel ay kaantas ni Moises sa pagiging para sa Diyos at para sa interes ng Diyos—Jer. 15:1.

E. “Sinaysay ni Samuel sa bayan ang mga paraan ng kaharian, at isinulat sa isang aklat at inilagay sa harap [ni Jehovah]”—1 Sam. 10:25a:

1. Ibinigay ni Moises ang kautusan sa mga anak ni Israel, subalit bago dumating si Samuel ay wala silang mga alituntunin, isang saligang batas.
2. Itinuro ni Samuel sa bayan ang mga alituntunin, ang saligang batas, ang paraan, ang mga kaugalian, ang mga pamamaraan, ang mga ordinansa, at mga kautusan kung paano isasagawa ang kaharian ng Diyos sa lupa.

**VI. Sinimulan ng Diyos ang isang bagong kapanahunan sa pagbabangon kay Samuel, isang batang Nazareo, bilang isang tapat na saserdote upang halinhan ang napababang pagkasaserdote—2:35:**

A. Si Samuel ay itinatag ng Diyos upang salitain ang salita ng Diyos upang halinhan ang pagtuturo ng salita ng Diyos ng lumang pagkasaserdote; sa pagkasaserdote, ang unang bagay na dapat gawin ng isang saserdote ay ang magsalita para sa Diyos.

B. Ang baluti at ang Urim at ang Thummim na isinuot ng mataas na saserdote ay ang pamamaraang ginamit ng Diyos upang magsalita sa Kanyang bayan (Exo. 28:30); sa pagbaba ng pagkasaserdote, ang pagsasalita ng Diyos ay halos wala na (1 Sam. 3:1, 3a).

C. Naghain ang Diyos ng Kanyang salita sa Kanyang hinirang sa pamamagitan ng pagtatatag kay Samuel bilang isang propeta sa napataas na pagkapropeta (bb. 20-21), at inensayo Niya ang Kanyang awtoridad sa Kanyang hinirang sa pagbabangon kay Samuel bilang isang hukom (7:15-17).

D. Si Samuel, bilang huling hukom, ang tumapos ng pagkahukom, at, bilang bagong saserdote, ang nagpasok ng pagkahari, na pinalakas ng napataas na pagkapropeta.

E. Kinailangan ng Diyos na ibangon ang isang buháy na tao, isang propeta, upang magsalita para sa Kanya; sa pagtatalaga ng Diyos, si Samuel ay maituturing na unang propeta sapagkat ipinasok niya ang pagkapropeta para sa pagsasalita ng Diyos—Gawa 3:24; 13:20; Heb. 11:32.

**VII. Si Samuel ay kaisa ng Diyos sa lupa; bilang gumaganap na Diyos sa lupa, ang kinatawan ng mismong Diyos sa langit upang mamuno sa Kanyang bayan sa lupa, si Samuel ay naglingkod sa limang katayuan—1 Sam. 7:3:**

A. Si Samuel ay naglingkod bilang isang Nazareo, inialay sa Diyos nang lubusan para sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya—1:11, 28a.

B. Si Samuel ay naglingkod bilang isang nagpaparangal sa Diyos, nagpapalugod sa Diyos na saserdote upang halinhan ang lipâs at napababang pagkasaserdote, at siya ay tapat na kumilos alang-alang sa Diyos, maging upang italaga at itatag ang mga hari para sa dibinong pamahalaan sa lupa—2:30, 35-36; 7:3-17; Huk. 9:9, 13.

C. Si Samuel ay naglingkod bilang isang propeta na itinatag ng Diyos (1 Sam. 3:20) upang salitain ang salita ng Diyos upang halinhan ang pagtuturo ng lumang pagkasaserdote sa panahong ang salita ni Jehovah ay madalang at ang mga pangitain ay hindi laganap—(bb. 1-10, 19-21).

D. Si Samuel ay naglingkod bilang isang hukom sa realidad ng pagkahari upang halinhan ang paghahatol ng bayan sa pamamagitan ng luma at lipâs na pagkasaserdote—7:15-17.

E. Si Samuel ay naglingkod bilang isang tao ng panalangin na nanalangin para sa hinirang ng Diyos nang sa gayon sila ay mapanatili sa daan ng Diyos, maging kaisa ang Diyos, hindi masilo ng mga diyos-diyosan ng mga bansa, at matamasa ang Diyos bilang Ebenezer (nangangahulugang "ang bato ng tulong"—b. 12) upang ang kanaisan ng Diyos sa Kanyang kalooban hinggil sa kanila ay matupad (bb. 3-17; 8:6; 12:19-25; 15:11b).

*© 2021 Living Stream Ministry*